～Latha para sa Enero ng Taong 2026～

Newsletter para sa Kapakanan ng mga Consumers

Regular na ipanapa-alala sa newsletter na ito ang pinakamadalas na naiulat na mga problema ng consumer, gaya ng mga kahirapan sa pamimili.

*Tema:*
Mga Suliranin ng mga Consumers Dulot ng Social Media

# Mag-ingat sa mga Panlilinlang na Likha ng Social Media


Mula sa Koleksyon ng mga Ilustrasyon ng Consumer Affairs Agency

May nakita akong advertisement sa Social Media na magbibigay ng 10,000yen sa unang 2,000 katao na lalahok at 10 katao dito ay may tsansang manalo ng 1 milyon yen kaya ako sumali. Pagkatapos naabisuhan na nanalo ay sinabihan na kailangan kong mag-sign up para sa isang awtomatikong Foreign Exchange trading app bilang isang kundisyon.Kaya pagkatapos irehistro ang aking personal na impormasyon sa app ay 10,000yen ang idineposito sa aking account.Subalit, makalipas ng isang buwan ay nakatanggap ako ng bayarin na 100,000yen bilang security cost at sinabihan na kailangan kong magbayad pa ng 500,000yen upang tumubo pa sa susunod.

## Upang maiwasan ang mga ganitong panlilinlang.

**• "Walang madaling pagkakitaan ng pera." Suriing mabuti at mag-ingat sa mga advertisements sa Social Media.**

**•Mag-ingat sa mga taong nakikilala sa social media. Huwag ibigay kaagad ang tiwala. Maaaring itigil nila ang pakikipag-ugnayan sa sandaling magbayad ka sa kanila ng pera.**

**•Kung magbibigay ng personal na impormasyon o mga dokumento ng pagkakakilanlan sa pamamagitan ng social media, maaaring mahirap ng makuha ang mga ito sa susunod at maaari itong humantong sa mas malalaking gusot. Huwag kailanman ibigay ang mga ito.**

==========================================

## Tochigi City Consumer Affairs Center

Pangalawang Palapag ng Main Building ng City Hall sa Citizen's Livelihood Section

Bukas mula Lunes hanggang Huwebes
(Sarado sa Sabado, Linggo, National Holidays, Year Ends at New Year Holidays)

Bukas mula 9:00 ng umaga hanggang 12:00 ng tanghali at mula 1:00 hanggang 4:00 ng hapon (※)
(※)Sa mga bagong kukunsulta ay tatanggapin lamang hanggang 3:00 ng hapon.

**Numero ng Telepono: 0282-23-8899**

Kung mayroon anumang mga problema, mangyaring kumonsulta sa iyong lokal na Consumer Affairs Center


Mascot Character ng Lungsod ng Tochigi-Tochisuke